Boskalis

NINA
NO INJURIES
NO ACCIDENTS

# PANGKALIGTASANG PAHAYAG

Ang aming mga empleyado ay siyang aming pinaka mahalagang yaman, ginagawang mahalagang pag-uugali ang kaligtasan. Ang aming layunin ay: Ang walang masaktan walang mga aksidente. Ito ay matagal ng parte na pag-uugali sa kultura ng kumpanya at suportado ng mabubuting asal at alituntunin. Ang lahat na mga empleyado, pati ang mga sub-kontraktor, ay inaasahang tanggapin at isa-puso ang mga asal at alituntunin.

## MGA ASAL

**AKO ANG RESPONSABLE SA AKING SARILING KALIGTASAN**

**PAPAALALAHANAN KO ANG IBA PATUNGKOL SA LIGTAS NA PAGTRATRABAHO**

**AKO AY GAGAWA NG KAUKULANG AKSYON KUNG SAKALING HINDI LIGTAS ANG OPERASYON, AT KUNG KINAKAILANGAN, IPAPA-HINTO KO ANG TRABAHO**

**AKO AY TATANGGAP NG MGA PUNA O KATUGUNAN PATUNGKOL SA AKING PAG-UUGALI SA KALIGTASAN NA HINDI INA-ALINTANA ANG RANGGO AT POSISYON**

**AKO AY MAG-UULAT NG LAHAT NG MGA PANGYAYARI, KABILANG ANG MGA PANGYAYARI NA MAAARING HUMANTONG SA SAKUNA, UPANG MAIPA-BATID SA IBA AT MAGSILBING ARAL**

## PANUNTUNAN

**MAGHANDA NG PAGSUSURI NG PELIGRO PARA SA BAWAT PROYEKTO, BARKO O LOKASYON**

**KUMUHA NG KAUKULANG PAHINTULOT NA MAG-TRABAHO PARA SA MGA AKTIBIDAD NA MATAAS ANG TIYANSA NG PELIGRO**

**GUMAWA NG PAGSUSURI NG PANGANIB PARA SA MGA TRABAHO NA HINDI PANGKARANIWAN**

**UNAWAING MABUTI ANG TUNGKOL SA PELIGRO AT PANUKALANG TUNTUNIN**

**MAGING HANDA SA TUNGKULIN AT PAGGAMIT NG NARARAPAT NA PANSARILING KASUOTANG PANGKALIGTASAN**

## ANG AKING GAMPANIN AYON SA NINA

### BILANG EMPLEYADO

- Palaging suriin ang kaligtasan ng Sarili, Kagamitan at sa Kapaligiran (YES)
- Siguraduhin na alam mo ang mga peligro at panukalang tuntunin para sa trabaho at lahat ng kasama dito
- Ipaalam sa iyong bisor ang mga mapanganib na sitwasyon
- Palaging sundin ang asal at panuntunan

### BILANG MANAGER / BISOR

- Manguna sa pagiging halimbawa sa pamamagitan ng nagpapakita ng pangunguna sa kaligtasan
- Gumawa ng isang kultura sa loob ng organisasyon na inuuna ang kaligtasan at pinapahalagahan ang pagpapabatid ng mga usaping pangkaligtasan
- Tiyakin ang pagsunod sa mga patnubay ng mga asal at panuntunan para sa lugar na ating pinagtatrabahuhan

## NINA ALITUNTUNIN SA PAGSASANAY

**Maghanda sa Pagsusuri ng Peligro para sa proyekto, barko o lokasyon**
- Ang nakatalagang Manager/Kapitan ay dapat makipag-ugnayan sa pagsasagawa ng Pagsusuri ng Peligro kasama ang mga Bisor
- Ang Pagsusuri ng Peligro ay inuusisa ng regular at babaguhin kung kinakailangan (katulad ng pag-babago ng trabaho o paraan o pagkatapos ng isang insidente)
- Ang mga sukatin patungkol sa Pagsusuri ng Peligro ay dapat ipatupad

**Kumuha ng Pahintulot para Mag-trabaho sa mga aktibidad na mataas ang peligro**
- Mga aktibidad na mataas ang peligro:
  - pag-pasok sa sarado/nakakulong na espasyo
  - pagtatrabaho sa malalakas na enerhiyang sistema (Kasama na ang 'lockout /tag out')
- Maaaring matukoy ang iba pang peligro batay sa Pagsusuri ng Peligro
- Ang mga tinukoy na hakbang sa mga panukalang tuntunin ay dapat ipatupad
- Ang nakatalagang bisor ay mag-aapruba ng Pahintulot para Magtrabaho

**Gumawa ng Pagsusuri ng Panganib para sa mga tarabaho na hindi pangkaraniwan**
- Kung sakaling mapanganib at sa mga trabahong hindi pangkaraniwan, ang Bisor ay dapat magsagawa ng Pagsusuri ng Panganib sa trabaho
- Ang mga tinukoy na hakbang sa panukalang tuntunin ay dapat ipatupad

**Unawaing mabuti ang tungkol sa peligro at panukalang tuntunin**
- Ang bawat isa na nasa proyekto, barko at opisina ay pinapaalam ang tungkol sa panganib at panukalang tuntunin
- Bago magsimula ng trabaho, isang pagpupulong ang gagawin:
  - kung sakali may Pagsusuri ng Panganib sa trabaho o Pahintulot para Magtrabaho
  - resulta ng Pagsusuri ng Peligro
- Ang mga pagbabago sa Pagsusuri ng Peligro ay ipaparating sa kinauukulan sa lugar trabahuhan

**Maging handa sa tungkulin at magsuot ng nararapat na Pangsariling Kasuotang Pangkaligtasan**
- Ang "Pagiging Handa sa Tungkulin" ay nangangahulugang walang impluwensya ng alak o droga
- Pansariling Kasuotang Pangkaligtsan sa lugar trabahuhan:
  - safety shoes at Hard Hat
  - high visibility clothing
  - magsuot ng Life Vest tuwing sasampa/bababa o kung ang mga lumulutang na kagamitan ay walang harang
- Ang karagdagang Pansariling Kasuotang Pangkaligatasan ay kakailanganin base sa trabaho na nakabatay sa Pagsusuri ng Peligro, Pagsusuri ng Panganib sa trabaho o Kapahintulot para Magtrabaho

**WWW.BOSKALIS.COM/NINA**

© 2021 All rights reserved